ARALIN 27

1. Ano ang ginawa ng bagong Faraon sa mga Israelita?
-Ginawa ng Faraon na alipin ang lahat ng mga Israelita.

2. Bakit ginawang alipin ng Faraon ang mga Israelita?
-Dahil natakot ang Faraon na sasakupin ng mga Israelita ang kanyang bansa.

3. Bakit ikinatakot ng Faraon na baka sakupin ng mga Israelita ang kanyang bansa?
-Dahil ang mga Israelita ay dumami na ng bilang.

4. Sino ang gumagabay kay Faraon na gawing alipin ang mga Israelita?
-Si Satanas.

5. Bakit gustong lipulin ni Satanas ang mga Israelita?
-Dahil alam ni Satanas na ipinangako ng Diyos na ipadadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga Israelita.

6. Bakit pinagpala ng Diyos ang mga Israelita?
-Dahil mahal ng Diyos ang mga Israelita.
-Dahil hindi sisirain ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abraham, Isaac, at Jacob.

7. Bakit ipinadala ng Diyos ang anak na babae ni Faraon upang ampunin si Moises?
-Dahil plano ng Diyos na pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto at sa pagkaalipin sa pamamagitan ni Moises.

8. Nailigtas ba ng mga Israelita ang kanilang sarili mula sa Faraon?
-Hindi.



9. Nailigtas ba ni Moises ang mga Israelita mula sa Faraon?
-Hindi.

10. Sino ang tangi na nag-i-Isa na nakapagligtas sa mga Israelita mula kay Faraon?
-Ang Diyos.

11. Sino ang tanging makapagliligtas sa mga tao mula kay Satanas?
-Ang Diyos.

-Ang mga Israelita ay naging alipin sa Ehipto sa loob ng 400 taon.

-Dahil sa labis na paghihirap ng mga Israelita, dumaing sila sa Diyos.

Basahin natin ang Exodo 2:23b

23-Ang bayang Israel ay dumaing dahil sa pagkaalipin at sila'y humingi ng tulong. Ang kanilang daing dahil sa pagkaalipin ay nakarating sa Diyos.

-Narinig ba ng Diyos ang mga daing ng mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 2:24-25

24-Narinig ng Diyos ang kanilang daing at naalala ng Diyos ang kanyang tipan kina Abraham, Isaac, at Jacob.

25-At tiningnan ng Diyos ang mga anak ni Israel at nalaman ng Diyos ang kanilang kalagayan.

-Narinig ng Diyos ang mga daing ng mga Israelita.

-Naaalala rin ng Diyos ang kanyang pangako kay Abraham, Isaac, at Jacob.

-Ano ang pangako ng Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob?

-Ang pangako ng Diyos ay, pagkatapos ng 400 taon, ibabalik Niya ang mga Israelita sa lupain ng Canaan.

-Marahil inakala ng mga Israelita na nakalimutan na sila ng Diyos, subalit hindi nakalilimot ang Diyos.

-Palaging tutuparin ng Diyos anuman ang ipinangako Nyang gagawin.

-Bagamat ang Diyos ay hindi nagmamadali, lagi Niyang tutuparin ang Kanyang pangako sa Kanyang sariling panahon.

-Nasaan si Moses?

-Hindi ba plano ng Diyos na pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto sa pamamagitan ni Moises?

-Hindi ba plano ng Diyos na pamunuan ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ni Moises?

-Dahil gusto ni Faraon na patayin si Moises, si Moises ay tumakas tungo sa lupain ng Midian.



-Sa lupain ng Midian, nakapag-asawa si Moises, at nagkaroon ng dalawang anak na lalaki.

-Isang araw, habang nagpapastol si Moises ng mga tupa ng kanyang biyenan, nakakita siya ng kakaibang tanawin.

Basahin natin ang Exodo 3:1-3

1-Noon ay inaalagaan ni Moises ang kawan ni Jetro na kanyang biyenan na pari sa Midian;  Kanyang pinatnubayan ang kawan sa kabila ng ilang at nakarating sa bundok ng Diyos, sa Horeb.
2-Ang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanya sa isang ningas ng apoy na mula sa gitna ng isang mababang punungkahoy. Siya’y nagmasid at ang punungkahoy ay nagliliyab ngunit ito’y hindi nasusunog.
3-Sinabi ni Moises,  “Ako’y pupunta sa kabila at titingnan ko itong dakilang panooring ito, kung bakit ang punungkahoy ay hindi nasusunog.”

-Ano ang nakita ni Moises?

-Nakakita si Moises ng isang punongkahoy na nagniningas, subalit hindi ito natutupok.

-Bakit hindi natupok ang nagniningas na puno na nakita ni Moises?

-Dahil ang Diyos ay nasa puno
-Dahil ang Diyos ay nasa puno, ang puno ay hindi natutupok.

-Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Walang makagagawa ng kayang gawin ng Diyos.

-Bakit nasa punong hindi natutupok ang Diyos?

-Dahil gustong makausap ng Diyos si Moises tungkol sa mga Israelita.

-Paano naging katulad ng punong hindi natutupok ang mga Israelita?

-Tulad ng apoy na gustong tupukin ang puno, sina Satanas at Faraon ay gustong lipulin ang mga Israelita.

-Tulad ng Diyos na nasa punong hindi natutupok, ang Diyos ay kasama ng mga Israelita.

-Hindi magagawa nina Satanas at Faraon na lipulin ang mga Israelita habang kasama nila ang Diyos.

-Mula sa nagniningas na palumpong, tinawag ng Diyos ang pangalan ni Moises.

Basahin natin ang Exodo 3:4

4-Nang makita ng Panginoon na siya'y pumunta sa kabila upang tumingin ay tinawag siya ng Diyos mula sa gitna ng mababang punungkahoy, "Moises, Moises." Sumagot siya, "Narito ako."

-Hindi alam ni Moises na ang Diyos ay nasa nagniningas na palumpong hanggang ang Diyos ay nagsalita sa kanya mula sa palumpong.



-Paano nalaman ng Diyos ang wika ni Moises?
-Alam ng Diyos ang lahat ng wika.

-Walang anumang wika na hindi alam ng Diyos.
-Alam din ng Diyos ang iyong wika.

-Naririnig ng Diyos ang lahat ng iyong sinasabi.
-Naiintindihan ng Diyos ang lahat ng iyong sinasabi.

-Kahit bumulong ka, naririnig ng Diyos ang lahat.

-Muling nagsalita ang Diyos kay Moises mula sa nagniningas na palumpong:

Basahin natin ang Exodo 3:5-6

5-Kanyang sinabi, "Huwag kang lumapit dito. Hubarin mo ang sandalyas sa iyong mga paa sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa."
6-Sinabi pa niya, "Ako ang Diyos ng iyong ama, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob." Si Moises ay nagtakip ng kanyang mukha sapagkat siya'y natakot na tumingin sa Diyos.

-Bakit sinabi ng Diyos kay Moises na tanggalin ang kanyang sapatos?

-Dahil nakatayo si Moises sa harap ng perpektong Diyos.
-Dahil si Moises ay nakatayo sa harap ng banal na Diyos.

-Sinabi ng Diyos kay Moises ang tungkol sa mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 3:7-10

7-Sinabi ng Panginoon, "Aking nakita ang paghihirap ng aking bayan na nasa Ehipto at aking narinig ang kanilang daing dahil sa mga umaapi sa kanila. Talagang nalalaman ko ang kanilang pagdurusa.

8-Ako'y bumaba upang iligtas sila mula sa kamay ng mga Ehipcio at upang sila'y dalhin sa isang mabuting lupain at malawak, mula sa lupaing iyon, sa isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot, sa lugar ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Heveo at Jebuseo.

9-At ngayon, ang daing ng mga anak ni Israel ay nakarating sa akin, at nakita ko rin ang pang-aapi na ginawa sa kanila ng mga Ehipcio.

10-Halika, ikaw ay aking susuguin kay Faraon upang iyong ilabas sa Ehipto ang aking bayan, ang mga anak ni Israel."

-Sinabi ng Diyos kay Moises na narinig Niya ang mga daing ng mga Israelita.

-Sinabi ng Diyos kay Moises na pinili Niya si Moises upang pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto at palayain sa pagkaalipin.

-Sinabi ng Diyos kay Moises na pinili Niya si Moises upang pamunuan ang mga Israelita pabalik sa lupain ng Canaan.

-Ano ang isinagot ni Moises sa Diyos?

Basahin natin ang Exodo 3:11



11-Sinabi ni Moises sa Diyos, "Sino ako upang pumaroon kay Faraon at upang ilabas sa Ehipto ang mga anak ni Israel?"

-Sinabi ni Moises sa Diyos na hindi niya magagawang pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto.

-Bakit sinabi ni Moises sa Diyos na hindi niya magagawang pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto?

-Dahil naalala ni Moises ang panahon na sinubukan niyang tulungan ang mga Israelita, subalit siya ay nabigo.

-Ano ang tugon ng Diyos kay Moises?

Basahin natin ang Exodo 3:12

12-Kanyang sinabi, "Ako'y makakasama mo; at ito'y magiging tanda sa iyo na ikaw ay aking sinugo: Kapag iyong nailabas na sa Ehipto ang bayan, sasambahin ninyo ang Diyos sa bundok na ito."

-Sinabi ng Diyos kay Moises na sasamahan Niya si Moises.
-Binigyan din ng Diyos si Moises ng palatandaan.

-Ano ang palatandaan na ibinigay ng Diyos kay Moises?

-Nangako ang Diyos na ibabalik Niya si Moises sa bundok kung saan siya nakatayo sa harap ng nagniningas na palumpong.

-Ang pangalan ng bundok ay Mount Sinai.
-Ano ang isinagot ni Moises sa Diyos?

Basahin natin ang Exodo 3:13

13-Ngunit sinabi ni Moises sa Diyos, “Pagdating ko sa mga anak ni Israel at sasabihin ko sa kanila, ‘Sinugo ako sa inyo ng Diyos ng inyong mga ninuno,’ at sasabihin nila sa akin, ‘Ano ang kanyang pangalan?’ Anong sasabihin ko sa kanila?”

-Natatakot si Moises na hindi siya paniwalaan ng mga Israelita kung sabihin niyang isinugo siya ng Diyos upang iligtas sila.

-Samakatuwid, tinanong ni Moises ang Diyos ng Kanyang Pangalan na sasabihin niya sa mga Israelita.

-Paano tumugon ang Diyos?

Basahin natin ang Exodo 3:14

14-Sinabi ng Diyos kay Moises, “AKO AY ANG AKO NGA.” At kanyang sinabi, “Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, ‘Sinugo ako sa inyo ni AKO NGA.’”

-Sinabi ng Diyos kay Moises na sabihin sa mga Israelita na “AKO NGA” ang nagsugo kay Moises upang iligtas kayo mula sa pagkaalipin.

-Ano ang ibig sabihin ng Pangalan ng Diyos na “AKO NGA”?

-Ito ay nangangahulugan na ang Diyos ay walang simula.

-Ibig sabihin ay walang katapusan ang Diyos.
-Ibig sabihin ay laging nabubuhay ang Diyos.



-Ibig sabihin ay wala pang panahon na ang Diyos ay hindi nabubuhay.

-Sinabi din ito ng Diyos kay Moises:

Basahin natin ang Exodo 3:15-18a

15-Sinabi pa ng Diyos kay Moises, “Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, ‘Sinugo ako sa inyo ng Panginoon, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob.’ Ito ang aking pangalan magpakailanman at ito ang itatawag sa akin ng lahat ng mga lahi.
16-Humayo ka at tipunin mo ang matatanda sa Israel at sabihin mo sa kanila, ‘Ang Panginoon, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob ay nagpakita sa akin, na nagsasabi, Tunay na kayo’y aking dinalaw at aking nakita ang ginagawa sa inyo sa Ehipto.
17-At aking sinabi, aking aalisin kayo sa kapighatian sa Ehipto at dadalhin ko kayo sa lupain ng Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Heveo, at ng Jebuseo, sa isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot.’
18-Kanilang papakinggan ang iyong tinig.”

-Sinabi din ng Diyos na sabihin sa mga Israelita na ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob ay ang nagpadala kay Moises upang iligtas sila.

-Pahihintulutan ba ni Faraon ang mga Israelita na umalis sa Ehipto?

-Ito ang sinabi ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 3:19-20

19-Alam ko na hindi kayo papahintulutan ng hari ng Ehipto na umalis maliban sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay.

20-Kaya't aking iuunat ang aking kamay at sasaktan ko ang Ehipto sa pamamagitan ng lahat kong kababalaghan na aking gagawin sa gitna niyon at pagkatapos, papahintulutan niya kayong umalis.

-Alam ba ng Diyos na hindi papayagan ni Faraon ang mga Israelita na umalis sa Ehipto?
-Oo.

-Paano nalaman ng Diyos na hindi papayagan ni Faraon ang mga Israelita na umalis sa Ehipto?

-Alam ng Diyos ang lahat.

-Bago ka mag-isip ng isang pag-iisip, alam ng Diyos ang iyong iniisip.

-Bago ka magsabi ng salita, alam ng Diyos ang iyong salita.

-Bago mo gawin ang isang bagay, alam ng Diyos kung ano ang iyong gagawin.

-Natatakot pa rin si Moses na hindi maniwala ang mga Israelita na pinili siya ng Diyos para pamunuan sila palabas ng Ehipto.

-Narito ang sinabi ni Moises sa Diyos:



Basahin natin ang Exodo 4:1

1-Si Moises ay sumagot at nagsabi, "Ngunit hindi nila ako papaniwalaan o papakinggan man sapagkat kanilang sasabihin, 'Ang Panginoon ay hindi nagpakita sa iyo.'"

-Dahil natatakot si Moises, binigyan si Moises ng Diyos ng dalawang palatandaan upang ipakita sa mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 4:2-9

2-Sinabi naman sa kanya ng Panginoon, "Ano iyang nasa iyong kamay?" Kanyang sinabi, "Isang tungkod."

3-Kanyang sinabi, "Ihagis mo sa lupa." Kanyang inihagis ito sa lupa at ito'y naging isang ahas. Si Moises ay lumayo sa ahas.

4-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Iunat mo ang iyong kamay at hawakan mo sa buntot." Kanyang iniunat ang kanyang kamay, kanyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kanyang kamay.

5-"Nangyari ito upang sila'y maniwala na ang Panginoon, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay nagpakita sa iyo."

6-Sinabi pa sa kanya ng Panginoon, "Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong dibdib." Kanyang ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas, ang kanyang kamay ay ketongin, maputing parang niyebe.

7-Sinabi ng Diyos, "Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong dibdib." Kanyang muling ipinasok ang kamay niya sa kanyang dibdib at nang kanyang ilabas sa kanyang dibdib, nanumbalik ito gaya ng iba niyang laman.

8-"Kung sila'y hindi maniwala sa iyo, ni makinig sa unang tanda, kanilang paniniwalaan ang huling tanda.

9-Kung sila'y hindi maniwala sa dalawang tandang ito, ni hindi makinig sa iyo, kukuha ka ng tubig mula sa Nilo at iyong ibubuhos sa tuyong lupa.  At ang tubig na iyong kukunin mula sa Nilo ay magiging dugo sa tuyong lupa."

-Ano ang unang palatandaan na nagpapakita na pinili ng Diyos si Moises para pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto?

-Ang tungkod ni Moises ay nagiging ahas, at pagkatapos ay babalik bilang isang tungkod.

-Ano ang ikalawang palatandaan na nagpapakita na pinili ng Diyos si Moises upang pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto?

-Nagkaketong ang kamay ni Moises nang ilabas niya ito. Pagkatapos, pinasok niya muli ang kanyang kamay sa loob ng kanyang balabal at ito'y gumaling.

-Kahit na may dalawang palatandaan na mula sa Diyos, natakot pa rin si Moises na hindi siya sundin ng mga taga-Israel.

-Narito ang sinabi ni Moises sa Diyos:

Basahin natin ang Exodo 4:10

10-Ngunit sinabi ni Moises sa Panginoon,  "O Panginoon, ako'y hindi mahusay magsalita, mula pa noon o kahit na mula nang magsalita ka sa iyong lingkod;  Sapagkat ako'y makupad sa pananalita at umid ang dila."

-Sinabi ni Moises sa Diyos na hindi siya nakapagsasalita ng maayos.



-Ano ang isinagot ng Diyos?

Basahin natin ang Exodo 4:11-12

11-Sinabi sa kanya ng Panginoon,  "Sino bang gumawa ng bibig ng tao?  O sinong gumagawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao?  Hindi ba akong Panginoon?
12-Kaya ngayon ay humayo ka, ako'y sasaiyong bibig at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasabihin."

-Sino ang Isa na nagbigay kay Moises ng kakayahang magsalita?
-Diyos.

-Sino ang nag-i-Isa na tumulong kay Moises na makapagsalita nang maayos?
-Ang Diyos.

-Sinabi ng Diyos kay Moises na tutulungan Niya siyang magsalita nang maayos.

-Kahit na gusto ng Diyos na tulungan si Moises, ayaw pa rin ni Moises na pangunahan ang mga Israelita palabas ng Ehipto.

-Basahin natin ang sinabi ni Moises sa Diyos:

Basahin natin ang Exodo 4:13

13-Ngunit kanyang sinabi,  "O Panginoon, iba na ang iyong suguin."

-Dahil natatakot si Moises na pangunahan ang mga Israelita palabas ng Ehipto, nagalit ang Diyos kay Moises.

-Subalit ipinangako ng Diyos na magpapadala ng isang tao upang tulungan si Moises na makipag-usap kay Faraon.

Basahin natin ang Exodo 4:14-17

14-Ang galit ng Panginoon ay nag-alab laban kay Moises at kanyang sinabi, “Wala ba si Aaron, ang kapatid mong Levita? Alam kong siya’y nakakapagsalitang mabuti. Siya’y dumarating upang salubungin ka. Pagkakita niya sa iyo ay matutuwa ang kanyang puso.

15-Ikaw ay magsasalita sa kanya at iyong ilalagay sa kanyang bibig ang mga salita; At ako’y sasaiyong bibig at sasakanyang bibig. Aking ituturo sa inyo kung ano ang inyong gagawin.

16-Siya ang magiging tagapagsalita mo sa mga tao; Siya’y magiging bibig para sa iyo at ikaw ay magiging parang Diyos sa kanya.

17-Dadalhin mo sa iyong kamay ang tungkod na ito na gagamitin mo sa paggawa ng mga tanda.”

-Sino ang ipinadala ng Diyos upang tulungan si Moises na makipag-usap kay Faraon?

-Si Aaron, ang kapatid ni Moses.

-Dahil ipinangako ng Diyos na tutulungan siya ng kanyang kapatid na si Aaron, sa wakas ay pumayag si Moses na umalis.

Basahin natin ang Exodo 4:18 & 20



18-Si Moises ay bumalik kay Jetro na kanyang biyenan at nagsabi sa kanya, “Pahintulutan mo akong bumalik sa aking mga kapatid sa Ehipto at titingnan ko kung sila’y buháy pa.” Sinabi ni Jetro kay Moises, “Humayo kang payapa.”

20-Kaya’t isinama ni Moises ang kanyang asawa at ang kanyang mga anak; Kanyang pinasakay sila sa isang asno at siya’y bumalik sa lupain ng Ehipto. Dinala ni Moises ang tungkod ng Diyos sa kanyang kamay.

-Nagtiyaga ang Diyos kay Moises.

-Kahit na ayaw pangunahan ni Moises ang mga Israelita palabas ng Ehipto, pinili siya ng Diyos.

-Bakit nais ng Diyos na iligtas ang mga Israelita mula sa pagkaalipin?

-Dahil mahal sila ng Diyos, at ayaw Niyang mamuhay sila sa pagkaalipin.

-Dahil ipinangako ng Diyos kay Abraham na aakayin Niya sila pabalik sa lupain ng Canaan.

-Dahil ipinangako ng Diyos kay Abraham na ipapadala Niya ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga Israelita.

-Sa susunod na aralin, makikita natin kung paano ililigtas ng Diyos ang Israel.